
# Ikalimang Baitang
# BALANGKAS NG KATAWAN

*Sa modyul na ito, inaasahang makalilikha ka ng balangkas ng sarili mong katawan sa pamamagitan ng pagdama at pagguhit nito habang nakapikit ang mata.*

## ALAMIN MO

Ang araling ito ay magbibigay ng pagkakataon upang maiguhit ang balangkas ng sariling katawan. Hindi kailangang makatotohanan ang pagguhit ng balangkas.

Tingnan ang balangkas ng katawan na iginuhit ng isang batang tulad mo.



Iginuhit niya ito sa isa niyang kamay habang hinihipo naman ng kabilang kamay ang kanyang katawan mula ulo hanggang paa habang siya ay nakapikit. Pag-aralan ang mga guhit na ginawang ***background*** sa ginawa niyang balangkas.

## PAGSANAYAN MO

Handa ka na bang iguhit ang balangkas ng katawan mo? Bago ka magsimula, ihanda ang mga kagamitan: papel, lapis, krayon, *watercolor*.

Gumamit ka ng krayon na itim sa pagguhit. Ipikit ang iyong mga mata at sa pamamagitan ng iyong kaliwang/kanang kamay, kapain mo ang iyong katawan mula ulo hanggang paa habang iginuguhit ng iyong kanang/kaliwang kamay. Tuloy-tuloy ang pagguhit, huwag iangat ang krayon o lapis sa papel. Kung tapos na, tingnan ang balangkas na iyong iginuhit. Kulayan mo ito. Lagyan ng iba't ibang uri ng linya ang *background* nito.

Maari din gawin ang iyong likhang-sining na *crayon resist*. Pahiran lang ng manipis na itim na *watercolor* ang buong larawan sa pamamagitan ng brotsa (brush). Lilitaw ang iyong balangkas na ginamitan ng krayon.

Ipakita ang iyong gawang-sining sa iyong guro. Pagkatapos, ikabit ito sa paskilan.

## TANDAAN MO

Ang paglikha ng balangkas ng katawan ay isang pagkakataon na maiguhit mo ang balangkas ng sarili mong katawan o ng iba. Hindi kailangang ito ay makatotohanan o maganda. Gawing tuloy-tuloy ang pagguhit at lagyan ang bawat bahagi ng *background* ng iba't ibang uri ng linya.



## SUBUKIN MO


1. Ihanda ang mga materyales na gagamitin sa pagguhit.
2. Guguhit ka muli ng balangkas ng katawan ngunit hindi na sa iyo kung di sa kapareha o kaklase mo.
3. Pumili ng isang kaklase o kapareha mo na gagawin mong modelo.
4. Patayuin o paupuin mo sa silya ang iyong modelo.
5. Pagmasdang mabuti ang iyong modelo – ang kanyang ulo, katawan at paa.
6. Iguhit ang balangkas ng kanyang ulo, katawan at paa. Habang iginuguhit mo ang iyong modelo, huwag kang tumingin sa papel na pinagguguhitan.
7. Lagyan ng **background** na mga linyang **Op Art** ang iyong balangkas.



## PAGTATAYA

Lagyan ng tsek (✓) ang kaukulang hanay na tumutugon sa iyong sagot.

| Mga Tanong | Oo | Di-gaano | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Natamo ba ang layunin na dapat makamit? | | | |
| 2. Nasunod ba ang pamamaraan sa paggawa? | | | |
| 3. Nalagyan ba ng kawili-wiling linya ang *background* ng disenyo? | | | |



Binabati kita sa pagpapakita mo ng iyong kaalaman sa paglikha ng balangkas ng katawan. Ipagpatuloy mo ang magandang gawi.